**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES**
DILIMAN QUEZON CITY
VoIP TRUNKLINE 981-8500 LOCAL: 2558, 2556
DIRECT LINE: (632) 929-5401, (632) 927-1835
FAX: (632) 928-2863
E-MAIL: oc.upd@up.edu.ph

**OFFICE OF THE CHANCELLOR**

6 May 2022

MEMORANDUM NO. FRN-22-054

FOR : All Deans, Directors, and Heads of Units
Administrative Officers, Post-ECQ Teams (PETs) and
Health Liaison Officers (HeLOs)

SUBJECT: *Gabay sa mga Kawani at Fakulti: Balik-Opisina Eleksyon Edisyon*

---

As we expect many of our staff and faculty in UP Diliman to be traveling to the provinces to cast their votes in the national elections on 9 May 2022, we are releasing these Guidelines to minimize COVID-19 risks in the workplace.

Free rapid antigen tests are available at the UP Health Service. However, these are reserved only for staff of essential offices who travelled during the election period and have to immediately report physically to work.

Please adhere to these protocols before physically returning to work.

Ma. Theresa T. Payongayong, PhD
Officer-in-Charge
UP Diliman

## GABAY SA MGA KAWANI AT FAKULTI: BALIK OPISINA ELEKSYON EDISYON

**A. Para sa mga uuwi sa kani-kanilang mga probinsya upang bumoto sa darating na halalan, tandaan ang mga sumusunod:**

**1. Kung kayo ay kawani mula sa isang essential office (DAO, DBO, CMO, etc.) at kailangang mag-report sa opisina:**

**Kinakailangang kumuha ng rapid antigen test (RAT) mula sa UPHS laboratory o sa isang accredited center.**

Magtungo sa UP Health Service (UPHS) Public Health Unit Section dala ang resulta ng test at para magpa-health screening bago pumasok sa opisina.

Kung negatibo ang resulta ng RAT, magbibigay ang Public Health Unit (PHU) ng patunay na kayo ay maaari nang bumalik sa opisina. Patuloy pa ring bantayan ang sarili upang agad na maipagbigay-alam sa kinauukulan kung sakaling makaramdam ng anumang sintomas ng COVID-19.

Kung positibo ang resulta ng RAT, mag-work-from-home at mag-isolate. Kayo ay imo-monitor ng PHU at bibigyan ng medical clearance pagkatapos ng inyong isolation period at kung wala nang sintomas.

**2. Kung kayo ay kawani mula sa ibang opisina ng UPD at bumiyahe sa probinsya:**

Minumungkahing mag-work-from-home muna sa loob ng limang (5) araw bago mag-report sa opisina. Ipagbigay alam sa inyong health liaison officer (HeLO) o administrative officer ang inyong kalagayan.

Kapag nakumpleto na po ang limang araw na quarantine, ang HeLO ng inyong unit ay magpapadala ng listahan ng mga pangalan ng mga nakakumpleto ng quarantine sa PHU email. Ito ay iva-validate ng PHU bago kayo mabigyan ng medical clearance.

**B. Para sa mga kawani na hindi bumiyahe:**

Gawin ang istriktong health screening. Tiyaking walang anumang sintomas bago pumasok sa opisina. Patuloy na i-monitor ang kalusugan.

**Para sa lahat:**

Patuloy pa ring sumunod sa mga pangkalusugang protocol tulad ng pagsusuot ng face mask, pagpapanatili ng physical distancing, madalas na paghuhugas ng kamay o paggamit ng 70% isopropyl o ethyl alcohol, pag-iwas sa matataong lugar (lalo na kung walang maayos na bentilasyon) at pagliban sa pagpasok sa opisina kung masama ang pakiramdam.